



Pagtugon sa mga Pag-aalala ng mga Nangungupahan Tungkol sa Upa at ang Pansamantalang Pagsuspinde sa mga Pagpapaalis ng Tirahan Dahil sa Hindi Pagbabayad ng Upa

Binuo ng U.S. Department of Housing and Urban Development (HUD, Kagawaran ng Pabahay at Pagpapaunlad ng Kalunsuran ng Estados Unidos) ang flyer na ito upang pagkalooban ang mga kasali sa Housing Choice Voucher (HCV, Tulong sa Pabahay), Pampublikong Pabahay, Seksyon 8 na Moderate Rehabilitation (Mod Rehab, Katamtamang Rehabilitasyon) ng mahalagang impormasyon at mga mapagkukunan ng suporta tungkol sa pagbabayad ng upa sa panahon ng pambansang emerhensya kaugnay ng pandemyang coronavirus.

Tungkol saan ang pagsuspinde sa mga pagpapaalis ng tirahan?

Pansamantalang sinuspinde ang mga pagpapaalis sa tirahan dahil sa hindi pagbabayad ng upa, at ang mga pagpataw/singil para sa hindi pagbabayad ng upa. Naaangkop ito sa lahat ng mga kasaling tinutulungan ng HUD mula Marso 27, 2020 hanggang Hulyo 24, 2020¹. Bagaman ang iyong Admissions and Continued Occupancy Policies (ACOP, Mga Patakaran sa Pagtanggap at Patuloy na Paninirahan) ng Public Housing Authority (PHA, Awtoridad sa Pampublikong Pabahay) at/o Pang-administratibong Plano ay maaaring hindi pa ina-update, mangyaring tandaan na ang pagsuspinde sa mga pagpapaalis ng tirahan dahil sa hindi pagbabayad ng upa ay umiiral pa rin.

Nahihirapang magbayad ng upa?

- **Mga kasali sa voucher at pampublikong pabahay:** Kung nawalan ka ng trabaho o nagkaroon ng malaking pagkawala ng kita, **humiling ng isang pansamantalang pagrerepaso** sa awtoridad sa pabahay sa lalong madaling panahon. Maaaring ayusin ang renta upang sumalamin sa pagbabago sa kita o maaari kang maging karapat-dapat para sa eksempyon dahil sa kahirapan sa pananalapi. Maaaring may alam din ang iyong awtoridad ng pabahay ng tungkol sa ibang mga lokal na mapagkukunan ng impormasyon at suporta.
- **Mga kasali sa voucher lamang: Agad na makipag-ugnayan sa iyong landlord (nagpapaupa).** Makipag-ugnayan nang maaga upang talakayin ang mga potensyal na plano sa pagbabayad o mga akomodasyon. Dahil sa pagkawala ng kita at sa magreresultang pansamantalang pagrerepaso, maaaring may bisa hanggang sa nakaraang buwan ang pagsasaayos ng upa. Kumpirmahin sa PHA at sa iyong landlord kung tatanggap ka ng kredit para sa nakaraang buwan.

Ano pa ang dapat mong malaman?

- **Dapat pa ring bayaran ang upa** sa panahong ito at maiipon kung hindi mababayaran.
- Hindi maaaring simulan ng iyong landlord at ng PHA ang isang bagong aksyon ng pagpapaalis ng tirahan dahil sa hindi pagbabayad ng upa at hindi ka dapat tumanggap ng abisong umalis dahil sa hindi pagbabayad ng upa mula Marso 27, 2020 – Hulyo 24, 2020.
- Hindi ka maaaring singilin ng iyong landlord at ng PHA ng anumang singil dahil sa nahuling pagbabayad, o maipunan ng mga pagpataw/singil, at ang tulong sa iyo ay hindi maaaring putulin dahil sa hindi mababayaran ng upa sa Abril, Mayo, Hunyo at Hulyo 2020.
- Kung nahuhuli ka na sa upa kapag natapos na ang pagsuspinde sa mga pagpapaalis ng tirahan: **Ang mga kasali sa voucher** ay kailangang makipag-areglo nang direkta sa iyong landlord upang malaman ang mga kinakailangan upang mabayaran ang hindi nabayaran ng upa. Kung hindi, maaaring maghain ng aksyon ng pagpapaalis ang iyong landlord. **Ang mga kasali sa pampublikong pabahay** ay kailangang makipagtulungan sa PHA upang mabayaran ang hindi nabayaran ng upa sa kabuuang halaga o magtakda ng kasunduan sa pagbabayad. Kung hindi, maaaring maputol ang tulong sa iyo at/o maaaring maghain ng aksyon ng pagpapaalis ng tirahan ang PHA.
- Ang mga pagpapaalis dahil sa hindi pagbabayad ng upa na inihain sa korte bago ang Marso 27, 2020 ay maaaring magpatuloy kung walang pagkakasalungat sa mga batas ng estado o lokal na batas.
- Maaari pa ring putulin ng PHA o ng iyong landlord ang tulong at magpaalis dahil sa paggamit ng ipinagbabawal na gamot, kriminal na aktibidad, mga paglabag sa upa, pandaraya, paulit-ulit na maliliit na paglabag, iba pang mabuting dahilan, atbp.
- Hindi nakikialam o nakikibahagi ang HUD sa mga paglilitis sa aksyon ng pagpapaalis ng tirahan. Kung sa tingin mo ay naging mali ang pagpapaalis sa iyo, makipag-ugnayan sa iyong lokal na organisasyon ng legal aid o mga ahensyang nagbibigay ng serbisyong panlipunan. Kung ikaw ay kasali sa Voucher, maaari ka ring makipag-ugnayan sa iyong lokal na PHA.



¹ Isinabatas sa Seksyon 4024 of the Coronavirus Aid, Relief, and Economic Security Act, (Batas sa Tulong at Seguridad sa Panahon ng Coronavirus) 2020 “CARES Act” (Pampublikong Batas 116-136).